# Pagpapakumbaba, Pagpapasakop at Pagsuko

**A Lord's Flock Praise & Worship Topic**

By: Fr.Peter Paul Arellano, OAD

Setyembre 14, 2024

Ang tatlong pangakong panrelihiyon ay: kalinisang-puri, kahirapan, at pagsunod. Ngunit sa Augustinian Order, may pang-apat na pangako – pagpapakumbaba. Ang pagpapakumbaba ay mahinhin, mayumi o hindi mayabang o mapagmataas.



May tatlong payak na pananaw sa pagpapakumbaba na makatutulong sa pagpapalago sa ating pananampalataya:

1. **Ang pagpapakumbaba ay ang una at ang pinakamahalagang hakbang tungo sa banal na buhay.**
   - Ang daan tungo kay Kristo ay may tatlong hakbang ayon kay San Agustin. "Una – sa pamamagitan ng pagpapakumbaba, pangalawa – sa pamamagitan ng pagpapakumbaba, at ang pangatlo ay sa pamamagitan ng pagpapakumbaba." Bakit inulit ni San Agustin nang tatlong beses ang pagpapakumbaba?
     - Pinapaalala sa atin na tayo ay may likas na yabang, makasarili, madamot.
     - Nakalimutan na natin ang Diyos. Limot na din natin ang Kanyang kakayahan; ngunit kung wala ang Diyos, tayo ay walang saysay. "Ang Diyos ay laban sa mga palalo, ngunit tumutulong sa mga mapagpakumbaba," (Jas.4:6).
     - Ayaw na ayaw ng demonyo ang taong mapagpakumbaba dahil siya ay napakayabang.
2. **Ang pagpapakumbaba ay pundasyon ng lahat ng katangian.**
   - Kailangang nakatapak tayo sa lupa. Ang salitang *"humility"* (mapagpakumbaba) ay galing sa salitang Latin na ang ibig sabihin ay lupa. Maging bahagi ka ng iyong pamayaman para maging mayabong.
   - "Tandaan ninyo: malibang mahulog sa lupa ang butil ng trigo at mamatay, mananatili itong nag-iisa. Ngunit kung mamatay, ito'y mamumunga nang marami" (Jn. 12:24).
   - "Ang pagpapakumbaba ay ina ng mga katangian." Kung tayo ay mapagpakumbaba, tayo ay mapagmahal, mahabagin, masayahin, mapagkawang-gawa.
3. **Ang pagpapakumbaba ay nakatutulong para maabot ang kapwa.**
   - Tayo ay nagiging *"anthropocentric"* (ibig sabihin ang sangkatauhan ang sentro o pinakamahalagang elemento ng buhay, ito ay salungat sa Diyos). Nakikita natin ang isang makasarili, *man-centered generation.* Nakikita natin ang henerasyong "Ako." Tuwing may *post* tayo sa social media, titingnan natin ilan na ang nagkagusto sa ating *post.*
   - Sa kabilang banda, dapat abutin natin ang ating kapwa, hindi lamang puro sarili ang iniisip. Sa halip, dapat Diyos ang ating sentro at pinakamahalagang konsiderasyon *(theocentric*).
   - Sa oras na mawalay tayo sa Diyos, simula na ito ng kawalan natin ng relasyon sa Kanya.
4. **Sa pagpapakumbaba, sumusunod ang pagpapasakop at pagsuko:**
   - Ang pagpapasakop ng ating sarili sa Diyos ay ang pakikinig at pagsunod sa Kanya. Kung isinuko natin ang ating sarili sa Kanya, kinikilala natin ang kapangyarihan Niya sa ating buhay.
   - "Kaya nga, pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang demonyo at lalayuan niya kayo" (James 4:7).
   - Bantayan natin ang ating likas na yabang at humandang tanggapin ang ating pagkakamali. "Magpakababa kayo sa harapan ng Panginoon, at itataas Niya kayo" (Jas. 4:10).

**Konklusyon:** Ang pagpapakumbaba ay pagsuko ng ating sarili sa Diyos. Ito ang pinakamataas na katangian at ugat ng bawat katangian. Bilang likas at madali ang pagyayabang, dapat likas din sa atin ang pagpapakumbaba.

**Pagninilay:** 1) Paano mo mapagtatagumpayan ang pagka-makasarili? 2) Ano ang mga dapat mong gawin para manatili kang naka-apak sa lupa at mapagpakumbaba?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Pagpapakumbaba